KABANALAN

Isang mabait na babae sinong makakasumpong? sapagka't ang kanyang halaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi (Mga Kawikaan 31:10).

Maghahanda ako upang makapasok sa templo at mananatiling dalisay at karapat-dapat.

Ang aking kaisipan at mga kilos ay ibabatay sa mataas na mga pamantayan ng kagandahang-asal.

MGA KARANASAN SA PINAHAHALAGAHAN NA NAUUGNAY SA KABANALAN

Kumpletuhin ang apat na kinakailangang Mga Karanasan sa Pinahahalagahan.

Palagdaan at palagyan ng petsa sa iyong magulang o lider ang bawat karanasan pagkatapos mo itong makumpleto.

____ 1. Ang kabanalan ay huwaran ng kaisipan at pag-uugali na nakabatay sa mataas na mga pamantayan ng kagandahang-asal. Kabilang dito ang kalinisang-puri at kadalisayan. Ang kapangyarihang lumikha ng mortal na buhay ay dakilang kapangyarihan na ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ipinag-utos Niya na gamitin lamang ang kapangyarihang ito sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, na ikinasal ayon sa batas bilang mag-asawa. Pag-aralan ang kahulugan at kahalagahan ng kalinisang-puri at kabanalan sa pamamagitan ng pagbasa ng Moroni 9:9, Jacob 2:28, "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," at "Seksuwal na Kadalisayan" sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Basahin din ang panglabintatlong Saligan ng Pananamapalataya at ang Mga Kawikaan 31:10–31. Sa iyong journal, isulat ang ipinangakong mga pagpapala sa kalinisan at kadalisayang seksuwal at ang iyong pangako na maging malinis ang puri.

____ 2. Sa pamamagitan ng banal na pamumuhay "sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar" magiging karapat-dapat kang laging makasama ang Espiritu Santo. Nang mabinyagan ka at makumpirma, ibinigay sa iyo ang kaloob na Espiritu Santo upang gumabay sa lahat ng aspeto ng iyong buhay. Dahil hindi nananahanan ang Espiritu Santo sa maruruming tabernakulo, kailangan ang banal na pamumuhay para

makasama ang Espiritu Santo at matanggap ang mga pagpapala ng mga ordenansa sa templo. Basahin ang sumusunod na mga reperensya sa banal na kasulatan, at tukuyin ang mga ipinangakong pagpapala: Juan 14:26–27; Juan 15:26; 2 Nephi 32:1–5; D at T 45:57–59; D at T 88:3–4; at D at T 121:45–46. Sa iyong journal, isulat ang iyong natutuhan, at isulat ang isang pagkakataon nang madama mo ang patnubay ng Espiritu Santo.

____ 3. Maghandang maging karapat-dapat na pumasok sa templo at makibahagi sa mga ordenansa sa templo. Basahin ang kabanata 5 ng Alma. Gumawa ng listahan ng mga itinatanong ni Alma. Sagutin ang mga tanong sa iyong sarili, at gumawa ng listahan ng mga bagay na magagawa at gagawin mo upang maihanda ang iyong sarili na maging dalisay at marapat na pumasok sa templo at tanggapin ang lahat ng pagpapala na ipinangako ng ating Ama sa Langit sa Kanyang minamahal na mga anak na babae.

____ 4. Dahil mahal ka ng Tagapagligtas at ibinigay ang Kanyang buhay para sa iyo, maaari kang magsisi. Ang pagsisisi ay pagsampalataya kay Jesucristo. Basahin ang Moroni 10:32, ang aklat ni Enos, at ang bahagi tungkol sa pagsisisi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan.* Dahil sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas maaaring mapatawad ang iyong mga kasalanan. Basahin ang mga panalangin sa sacrament sa D at T 20:77–79. Magpasiya na magiging karapat-dapat ka sa pagtanggap ng sacrament linggu-linggo at punuin ang iyong buhay ng mga banal na gawaing magdudulot ng espirituwal na kapangyarihan. Sa paggawa mo nito, lalong lalakas ang kakayahan mong labanan ang tukso, sundin ang mga kautusan, at maging higit na katulad ni Jesucristo. Magpasiya kung ano ang maaari mong gawin araw-araw upang manatiling dalisay at karapat-dapat, at isulat ang iyong plano sa iyong journal.

PROYEKTO SA PINAHAHALAGAHAN NA NAUUGNAY SA KABANALAN

Pagkatapos mong makumpleto ang apat na kinakailangang mga Karanasan sa Pinahahalagahan na Nauugnay sa Kabanalan, kumpletuhin ang sumusunod na proyekto sa pinahahalagahan na nauugnay sa Kabanalan:

Pinili ng Tagapagligtas na mamuhay nang banal. Sundin ang Kanyang payo na "matuto ka sa akin" (D at T 19:23) sa pamamagitan ng pagbabasa ng buong Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Ihalintulad ang mga banal na kasulatan sa iyong buhay at mga kalagayan. Habang nagbabasa, regular na isulat sa iyong journal ang mga naiisip mo. Pansinin ang halimbawa ng buhay at misyon ng Tagapagligtas. Ano ang ginawa ng Manunubos at ng Kanyang mga tagasunod upang makapamuhay nang banal? Pagkatapos mong magbasa, isulat sa iyong journal ang iyong patotoo.

"Sinabi ko sa mga kapatid na ang Aklat ni Mormon ang pinakatumpak sa anumang aklat sa mundo, at ang saligang bato ng ating relihiyon, at ang isang tao ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat" (Joseph Smith, sa Pambungad sa Aklat ni Mormon).

ANG AKING PATOTOO

At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito, ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo (Moroni 10:4).

Lagda ng magulang o pinuno

Petsa _____ Ginugol na oras _____

"Bigyan ninyo ako ng isang dalagita na nagmamahal sa tahanan at pamilya, na nagbabasa at nagninilay sa mga banal na kasulatan araw-araw, na may nag-aalab na patotoo ng Aklat ni Mormon. Bigyan ninyo ako ng isang dalagita na matapat na dumadalo sa kanyang mga miting sa simbahan, na nagtapos sa seminary, na tumanggap ng kanyang Young Womanhood Recognition Award (Gawad sa Pagkilala sa Pagdadalaga) at may pagmamalaking isinusuot ito! Bigyan ninyo ako ng isang dalagitang banal at napanatili ang kadalisayan ng kanyang sarili, na tanging sa templo gustong ikasal, at bibigyan ko kayo ng isang dalagitang makagagawa ng mga himala para sa Panginoon ngayon at hanggang sa kawalang-hanggan" (Ezra Taft Benson, "To the Young Women of the Church," Ensign, *Nob. 1986, 84).*



Kabanalan

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG

© 2009 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika. Pagsang-ayon sa Ingles: 12/08.
Pagsasalin ng *Virtue*. Tagalog. 08255 893

4 02082 55893 4
08255 893